4

# Modelong Banghay-Aralin sa GMRC

Kuwarter 2

Aralin

6

PILOT IMPLEMENTATION OF THE MATATAG K TO 10 CURRICULUM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa GMRC 4**
**Kuwarter 2: Aralin 6 (Linggo 8)**
**SY 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa pilot implementation ng MATATAG K to 10 Kurikulum sa School Year 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:** Venicris M. Alonsozana, Edd

**Tagasuri:** Liza T. Bacierra

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMERR National Research Centre


Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od@deped.gov.ph.

**GMRC/ KUWARTER 2 / BAITANG 4**

| I. **NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa pagpapatatag sa mga gawi sa pamilya ayon sa kaugaliang Pilipino. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Naisasagawa ng mga mag-aaral ang mga pakikilahok sa mga gawain na nagpapatatag ng mga kaugaliang Pilipino bilang tanda ng pagmamahal sa bayan. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | Nakapagsasanay sa pagmamahal sa bayan sa pamamagitan ng pagtugon sa pagpapatatag ng mga gawi sa pamilya ayon sa kaugaliang Pilipino.<br>1. Nailalarawan ang mga kalagayan ng pagpapatatag ng mga gawi sa pamilya ayon sa kaugaliang Pilipino.<br>2. Naipapaliwanag na ang pagpapatatag sa mga gawi sa pamilya ayon sa kaugaliang Pilipino ay nagpapalakas ng damdaming makabayan.<br>3. Naisasakilos ang mga pakikilahok sa mga gawain na nagpapatatag ng mga kaugaliang Pilipino. |
| **D. Nilalaman** | Kaugaliang Pilipino bilang instrumento ng pagpapatatag ng pagmamahal sa bayan (Pagmamahal sa Bayan / *Love of Country*) |
| **E. Lilinanging Pagpapahalaga** | Pagmamahal sa Bayan (*Love of Country*) |
| **F. Integrasyon** | Pansariling gawi sa kinaugaliang tradisyon |

| II. Batayang Sanggunian sa Pagkatuto | Mga sangguniang gagamitin sa aralin:<br><br>Ball, A. (2019). *Habits, Customs and Traditions - How Are They Different?.* https://learningenglish.voanews.com/a/habits-customs-and-traditions-how-are-they-different-/5062202.html<br><br>Jollibee Studios. (2016, December 9). *Kwentong Jollibee Christmas Special: Regalo.* https://www.youtube.com/watch?v=IjXFV0ygp-A<br><br>Jollibee Studios. (2016, September 6). *Kwentong Jollibee: Kahera.* https://www.youtube.com/watch?v=Uw66Da0GFPM<br><br>Jollibee Studios. (2018, September 5). *Kwentong Jollibee: Biyahe (Journey).* https://www.youtube.com/watch?v=q05aEY02l4M<br><br>OPMPlaylist (2013, August 2). *Lea Salonga – Tagumpay nating lahat (Lyric Video).* https://www.youtube.com/watch?v=I-cgIb_CFiM<br><br>StudeerSnel B.V. (2023). *Lesson 4. The Filipino Way.* Keizersgracht 424, 1016 GC Amsterdam, KVK: 56829787, BTW: NL852321363B01. https://www.studocu.com/ph/document/nueva-vizcaya-state-university/bsed-english/ethics-chapter-2-lesson-4/37694428<br><br>Villanueva, V.M. (2018). #*ABKD: Ako bibo kase dapat: alpabeto ng inobatibo at makabagong guro ng Araling Panlipunan, Edukasyon sa Pagpapakatao, at Filipino.* Makati: VMV Publishing House |
|---|---|

| III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO | MGA TALA sa GURO |
|---|---|

| | | |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman**<br><br>***(Mind & Mood)*** | **UNANG ARAW**<br><br>**MAIKLING BALIK-ARAL**<br><br>**Paglalarawan.** Tukuyin kung ang larawan ay nagpapakita ng halimbawa ng pagiging Maka-Diyos, Makatao, Makakalikasan o Makabansa. Isulat ang tamang sagot sa patlang.<br><br><br><br>Maka ___________ Maka ___________ Maka ___________ Maka ________ | Ibuod ang balik-aral sa pagsasabi:<br>"Kung sa iyong pamilya ang lahat ng ito ay susundin, lalo na kung gagawin itong tradisyon, ikaw ay magiging matagumpay sa buhay dito sa ating bansa." |
| **B. Paglalahad ng Layunin**<br><br>***(Aims)*** | **PANGHIKAYAT NA GAWAIN**<br><br>**Pagsusuri ng Kanta.** Kakantahin sa bidyo ang "Tagumpay Nating Lahat" ni Lea Salonga. Pumili at isulat sa patlang ang limang "susing salita" sa kanta na naging mahalaga sa iyo.<br><br>Ako'y anak ng lupang hinirang<br>Kung saan matatagpuan | Isulat sa pisara ang *lyrics* ng kanta. Tingnan sa sanggunian kung saan makikita ang kanta |

| | | |
|---|---|---|
| | Ang timyas ng perlas ng silangan<br>Nagniningning sa buong kapuluan<br>Taglay ko ang hiwaga ng silangan<br>At saan mang bayan o lungsod<br>Maging timog, hilaga, at kanluran<br>Ang Pilipino ay namumukod<br>Sama-sama nating abutin<br>Pinakamatayog na bituin<br>At ang aking tagumpay<br>Tagumpay ng aking lahi<br>Tagumpay ng aking lipi<br>Ang tanging minimithi at hinahangad<br>Hangad ko'y tagumpay nating lahat<br>Ako ay may isang munting pangarap<br>Sa aking dakilang lupain<br>At sa sama-sama nating pagsisikap<br>Sama-sama ring mararating<br>Ang iba't ibang galaw, iisang patutunguhan<br>Dito isang araw, isang kapuluan<br>Sama-sama nating abutin<br>Pinakamatayog na bituin<br>At ang aking tagumpay<br>Tagumpay ng aking lahi<br>Tagumpay ng aking lipi<br>Ang tanging minimithi at hinahangad<br>Hangad ko'y tagumpay nating lahat<br>Hangad ko'y tagumpay nating lahat<br><br>Susing salita:<br>1.______________________________<br>2.______________________________<br>3.______________________________<br>4. ______________________________<br>5. ______________________________ | Iugnay ang mga babanggiting susing salita bilang mga instrumento ng pagpapatatag ng pagmamahal sa bayan. |

**PAGLINANG SA KAHALAGAHAN SA PAGKATUTO SA ARALIN**

**Pag-uugnay.** Magbahaginan ng sagot sa limang susing salita at magpasya ang grupo ng limang pinakamagandang susing salita sa lahat ng mga ibinahagi. Iugnay ang mga susing salita sa sumusunod:

| Limang susing salita: | Anong kaugnayan ng mga ito sa pagmamahal sa pamilya? | Anong kaugnayan ng mga ito sa pagmamahal sa bansa? | Iugnay ang isang susing salita sa isang Pilipinong tradisyon o kaugaliaan: |
|---|---|---|---|
| 1. ____________ | ____________________ | __________________ | __________________ |
| 2. ____________ | ____________________ | __________________ | __________________ |
| 3. ____________ | ____________________ | __________________ | __________________ |
| 4. ____________ | ____________________ | __________________ | __________________ |
| 5. ____________ | ____________________ | __________________ | __________________ |

Hatiin sa apat ang klase. Pumili ng tatlong magbabahagi ng sagot sa harap ng klase.

**PAGHAWAN NG BOKABULARYO SA NILALAMAN NG ARALIN**

Ayusin ng pagkasunod-sunod ang mga kataga upang makabuo ng isang konsepto:

Unang konsepto:
*ang mga pamilya nito ay*
*ay gumawa ng mabuti,*
*Kapag ang isang bansa*

Ibigay ang Unang konsepto sa dalawang grupo at ang Ikalawang konsepto sa natirang dalawang grupo.

Ipakita sa guro ang tamang sagot at isulat sa pisara ang unang

<table>
<tr>
<td></td>
<td>
magkakaroon ng maayos na gawi<br><br>
Tamang sagot: Kapag ang isang bansa ay gumawa ng mabuti, ang mga pamilya nito ay magkakaroon ng maayos na gawi.<br><br>
<u>Ikalawang konsepto</u>:<br>
lamang kapag ang mga<br>
maaaring maging mahusay<br>
Magkaroon ng kamalayan<br>
na ang isang bansa ay<br>
pamilya nito ay mahusay<br><br>
Tamang sagot: Magkaroon ng kamalayan na ang isang bansa ay maaaring maging mahusay lamang kapag ang mga pamilya nito ay mahusay.
</td>
<td>
grupong nakapagbigay ng tamang sagot.<br><br>
Talakayin ang mga nabuong konsepto
</td>
</tr>
<tr>
<td>
C. Paglinang at Pagpapalalim<br><br>
(Tasks and Thought)
</td>
<td>
IKALAWANG ARAW<br><br>
IKATLONG PAKSA: Mga Gawaing Pampamilya ayon sa Kaugaliang Pilipino<br><br>
PAGPROSESO NG PAG-UNAWA. Pagsusuri ng karanasan sa loob ng pamilya.<br><br>
<table>
<tr><th colspan="2">Mga halimbawa ng kaugalian at tradisyong Pilipino:</th><th>OO</th><th>HINDI</th></tr>
<tr><td rowspan="2">Malapit na ugnayan ng pamilya</td><td>Sabay-sabay kami naghahapunan.</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Nagtutulungan kami sa gawaing bahay.</td><td></td><td></td></tr>
</table>
</td>
<td></td>
</tr>
</table>

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Sistemang bayanihan | Hindi kami masaya kapag may humihingi ng tulong sa bahay. | | | |
| | Hindi kami humihindi sa mga humihingi ng tulong. | | | |
| Relihiyon | Nagsisimba kami tuwing Linggo. | | | |
| | Nagdadasal kami nang sabay-sabay. | | | |
| Pamahiin | May bibisita daw kapag nahulog ang kutsara. | | | |
| | Hindi na tutuloy sa paglakad/pag-alis kung may pusang itim na tumatawid. | | | |
| Lipunan | Sinusunod namin ang mga batas. | | | |
| | Nagbabayad si tatay ng buwis. | | | |
| Pasko | Nagbibigay kami ng regalo tuwing Pasko. | | | |
| | Nagtatago si ninong tuwing araw ng Pasko. | | | |
| *Fiesta* | Nagluluto kami ng maraming pagkain tuwing *Fiesta*. | | | |

Sagutin ito sa "Sagutang Papel".

Tanungin kung sino ang may sagot sa iba't ibang Kaugalian at Tradisyon at pumili ng tatlong mag-aaral upang magbahagi.

| | | | |
|---|---|---|---|
| | Dinadalaw namin ang aming kapitbahay at namimigay ng pagkain. | | |

**PINATNUBAYANG PAGSASANAY.** Pagbabahagi ng karanasan.
Pumili ng apat na kaugalian at tradisyong Pilipino at ibahagi kung ano ang konkretong ginagawa ng inyong pamilya. Maaaring pumili o magdagdag ng wala sa nakatala.

| **Kaugalian at Tradisyon** | **Ang Ginagagawa sa Aming Tahanan:** |
|---|---|
| Malapit na ugnayan ng pamilya | ______________________________ ______________________________ ________ |
| Sistemang bayanihan | ______________________________ ______________________________ ________ |
| Relihiyon | ______________________________ ______________________________ ________ |
| Pamahiin | ______________________________ ______________________________ ________ |

Inaasahang sagot:

Magkaiba man ang gawi, pamamaraan, tradisyon, kultura, o pananampalataya, pero hindi ito hadlang sa pagkakaisa. Maging sa relihiyon, hindi ito hadlang sa pagmamahalan sa loob ng pamilya. May mga sari-sarili tayong banal na aklat na binabasa ngunit mayroon naman pook dalingan na puwedeng sama samang puntahan. Magiging buo pa rin ang bawat isa bilang maka-Diyos (relihiyon), makatao (bayanihan, Pasko, fiesta), makakalikasan

| | | |
|---|---|---|
| | | (paglinis ng kapaligiran, tamang pagtapon ng basura), at makabansa (iginagalang ang Pambansang watawat, lipunan). |

| | |
|---|---|
| Lipunan | ____________________<br>____________________<br>________ |
| Pasko | ____________________<br>____________________<br>________ |
| *Fiesta* | ____________________<br>____________________<br>________ |

**PAGLALAPAT AT PAG-UUGNAY**

**Pagmumuni-muni.** Magnilay at sagutin ang gabay na tanong ng hindi hihigit sa limang pangungusap.

Gabay na Tanong:

Magkakaiba ang gawi, pamamaraan, tradisyon, kultura, o pananampalataya ng bawat Pilipino paano tayo magkakaisa sa ikauunlad ng bansa?

Sagot:
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

Tamang sagot:
1. Tradisyon
2. Gawi
3. Kaugalian
4. Tradisyon
5. Kaugalian

Talakayin ang gawi o ugali ay kadalasang limitado sa isa o kaunting tao. "Ang mga pagpapailaw ng lusis gawi ng iba tuwing sumasapit ang Bagong Taon."

Ang isang bagay na madalas gawin sa regular at paulit-ulit na paraan. Ay nagiging

**IKATLONG ARAW**

**IKAAPAT NA PAKSA: Pagkakaiba ng Gawi, Kaugalian, at Tradisyon**

**PAGPROSESO NG PAG-UNAWA.**

**Paglalarawan.** Dahil malapit na ang pagdiriwang ng pasko sa susunod na mga buwan, suriin at uriin ang sumusunod na mga larawan kung ito ay halimbawa ng gawi, kaugalian, o tradisyon.

1. Kumakain ng sabay sabay sa bisperas ng bagong taon:




kaugalian. “Kapag may mga batang nakanta ng pamasko sa tapat ng bahay, nakaugalian ni kuya na bigyan sila ng tigpipiso.”
"Tuwing sumasapit ang buwan ng Setyembre, kaugalian na ng karamihang Pilipino ang magpatugtog ng mga kantang pamasko.”

Kapag ang isang kaugalian ay nagpapatuloy mula sa isang henerasyon hanggang sa susunod na mga henerasyon ito ay nagiging tradisyon.
“Sa loob ng limampung taon ay naging tradisyon na ang paglalagay ng *Christmas Tree* sa unang araw ng simbang gabi. "Ang salo-salong pagkain ng buong mag-anak tuwing Bagong Taon ay isang tradisyon sa Pilipinas."

<table>
<tr>
<td></td>
<td>
Lagyan ng tsek: (____) Gawi (____) Kaugalian (____) Tradisyon<br><br>
2. Nagpapa-ilaw ng lusis ng sabay sabay sa pagsalubong ng bagong taon:<br>
<br>
Lagyan ng tsek: (____) Gawi (____) Kaugalian (____) Tradisyon<br><br>
3. Nagpapatugtog ng kantang pamasko sa pagsapit ng Setyembre<br>
<br>
<br>
Lagyan ng tsek: (____) Gawi (____) Kaugalian (____) Tradisyon
</td>
<td>
Tamang sagot:<br>
1. e<br>
2. j<br>
3. f<br>
4. h<br>
5. a<br>
6. c<br>
7. i<br>
8. g<br>
9. d<br>
10. b
</td>
</tr>
</table>

4. Nag-aayos ng Krismastri sa unang araw ng Simbang gabi




Lagyan ng tsek: (____) Gawi (____) Kaugalian (____) Tradisyon

5. Nagbibigay ng pamasko sa mga batang nakanta ng pamasko sa tapat ng bahay.



Lagyan ng tsek: (____) Gawi (____) Kaugalian (____) Tradisyon

**PINATNUBAYANG PAGSASANAY**

**Pagtapat-tapatin.** Iugnay ang halimbawang mga gawi/ugali sa unang hanay sa tama nitong kaugalian/tradisyon sa ikalawang hanay. Isulat ang tamang titik sa patlang.

| Unang Hanay | Ikalawang hanay |
|---|---|
| ____1. Ang mga pinaglumaang at maayos pang damit ay ibinibigay sa nakababatang kapatid. | a. *Fiesta* |
| ____2. Handang mag-abot ng tulong o tumulong sa mga nangangailangan. | b. Kamatayan |
| ____3. Kusang pagbabayad ng *electric bill* bilang ambag sa loob ng bahay. | c. Kaugalian sa panliligaw |
| ____4. Pagbibigay ng regalo bago matapos ang taon. | d. Lipunan |
| ____5. Paghahanda at pag-iimbita ng kaibigan sa bahay bilang tanda ng isang taong kasaganaan. | e. Malapit na ugnayan ng pamilya |
| ____6. Pagpapakilala sa magulang ng kasintahan. | f. Nakatira sa magulang |
| ____7. Pagpunta sa simbahan tuwing araw ng simba o samba. | g. Pamahiin |
| ____8. Pagsasabi ng “tabi tabi po”. | h. Pasko |
| ____9. Pagsunod sa mga regulasyon ng gobyerno. | i. Relihiyon |
| ____10. Pagtitipon-tipon ng kamag-anak sa huling lamay. | j. Sistemang bayanihan |

**PAGLALAPAT AT PAG-UUGNAY**

**Paglalarawan.** Sa isang *bond paper*, mag *drawing* o gumawa ng isang larawan na nagpapakita ng kaugalian / tradisyon tuwing kaarawan ng isang bata. Ipakita sa

larawan kung paano ang pagdiriwang ng kaarawan ay nagpapatatag ng pagmamahal sa bayan.  Gamitin ang nakapaloob na rubrik bilang gabay sa pagmamarka ng sagot.

PAGDIRIWANG NG KAARAWAN NI

_______________________________

(Iyong Pangalan)

Rubiks sa pagmamarka ng *drawing* o larawan:

| Marka | Basehan ng Pagmamarka |
|---|---|
| 100 | Napakalinaw na pinapakita ang pagdiriwang ng kaarawan ay nagpapatatag ng pagmamahal sa bayan |
| 90 | Malinaw na pinapakita ang pagdiriwang ng kaarawan ay nagpapatatag ng pagmamahal sa bayan |
| 80 | Mayroong pinapakita na ang pagdiriwang ng kaarawan ay nagpapatatag ng pagmamahal sa bayan |
| 70 | Hindi malinaw na pinapakita ang pagdiriwang ng kaarawan ay nagpapatatag ng pagmamahal sa bayan |

| | |
|---|---|
| 60 | Walang pinapakita ang pagdiriwang ng kaarawan ay nagpapatatag ng pagmamahal sa bayan |

**D. Paglalahat**

***(Abstractions)***

**IKAAPAT NA ARAW**

**PABAONG PAGKATUTO**

**Tama-Mali-Dahilan (T.M.D).** Sabihin ang "Tama" kung ikaw ay sumasang-ayon o "Mali" kung hindi sumasang-ayon kung ang sumusunod ay mga kilos na nagpapakita ng kaugaliang Pilipino bilang instrumento ng pagpapatatag ng pagmamahal sa bayan. Isulat ang "Dahilan" kung bakit ito ang iyong sagot.

| Mga Kilos na Nagpapakita ng Kaugaliang Pilipino Bilang Instrumento ng Pagpapatatag ng Pagmamahal sa Bayan | Lagyan ng "tsek" | | DAHILAN |
|---|---|---|---|
| | TAMA | MALI | |
| 1. Palaging nagmamano at nagsasabi ng "po" at "opo" sa nakatatanda sa pamilya at lipunan. | | | ______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________ |
| 2. Tingnan agad ang mga mensahe sa *facebook messenger* | | | ______________________________<br>______________________________<br>______________________________ |

| | | | |
|---|---|---|---|
| pagkagising sa umaga. | | | |
| 3. Hindi sasama sa pagsisimba kasi matutulog na lang dahil buong linggong nagpuyat. | | | |
| 4. Tutulungan ang kapatid gumawa ng hindi tama dahil siya ay aking kapamilya. | | | |
| 5. Obligasyon kong tulungan ang aking magulang dahil naging obligasyon nila akong alagaan mula ng ako'y isilang. | | | |

**PAGNINILAY SA PAGKATUTO**

**Balik-Tanaw sa Kabutihang Asal at Wastong Pag-uugali.** Magnilay at sagutin ang mga sumusunod.

<table>
<tr><td></td><td>Bilang mag-aaral na may Kabutihang Asal (ikaw iyon), ano pang Kabutihang Asal ang natutuhan mo sa Araling ito?<br>________________________________________<br>________________________________________<br>________________________________________<br><br>Anong pag-uugali ang ginagawa mo ngayon na dapat mong iwasto kaugnay sa iyong natutuhan na Kabutihang Asal sa aralin?<br>________________________________________<br>________________________________________</td><td></td></tr>
<tr><td>E. Pagtataya<br><br>(Tools for Assessment)</td><td>PAGSUSULIT<br><br>Tradisyon o Gawi. Suriin kung ang sumusunod ay halimbawa ng Kaugalian/Tradisyon o Gawi/Gawain ng pamilya.<br>___1. Naka-WAZE habang nagbabayanihan — a. Kaugalian/Tradisyon<br>___2. Sistemang bayanihan — b. Gawi/gawain<br><br>___3. Pagdadala ng chicken Bucket Meal bilang regalo — a. Kaugalian/Tradisyon<br>___4. Panliligaw na may dalang regalo para sa pamilya — b. Gawi/gawain<br><br>___5. Pagsisimba minsan sa loob ng mall — a. Kaugalian/Tradisyon<br>___6. Pagsisimba tuwing Linggo — b. Gawi/gawain<br><br>___7. Kumakain nang sabay-sabay sa Pasko — a. Kaugalian/Tradisyon<br>___8. Pagdiriwang ng Media Noche sa Manila Hotel — b. Gawi/gawain<br><br>___9. Naghahanda tuwing Fiesta — a. Kaugalian/Tradisyon<br>___10. Pagdadala ng pagkain sa paaralan — b. Gawi/gawain<br><br>GAWAING PANTAHANAN/TAKDANG-ARALIN</td><td>Mga tamang sagot:<br>1. b<br>2. a<br>3. b<br>4. a<br>5. b<br>6. a<br>7. a<br>8. b<br>9. a<br>10. b<br><br>Mamili at panoorin muli ang isa sa tatlong</td></tr>
</table>

<table>
<tr><td></td><td colspan="3">Panoorin sa “YouTube” ang mga halimbawa ng gawi at kaugalian ng pamilya:<br>a. tuwing pasko, sa https://www.youtube.com/watch?v=IjXFV0ygp-A<br>b. turing ng lola sa apo, sa https://www.youtube.com/watch?v=Uw66Da0GFPM<br>c. para sa bansa, sa https://www.youtube.com/watch?v=q05aEY02l4M</td><td>bidyo at tingnan ang mga situwasyon kung paano nagpapakita ng pagmamalasakit ang mga karakter sa bidyo dahil ang susunod na aralin ay tungkol sa pagmamalasakit.</td></tr>
<tr><td rowspan="5">F. Pagbuo ng Anotasyon</td><td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td><td>Epektibong Pamamaraan</td><td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td><td rowspan="5">Ang bahaging ito ay oportunidad ng guro na maitala ang mga mahalagang obserbasyon kaugnay ng naging pagtuturo. Dito idodokumento ang naging karanasan mula sa namasdang ginamit na estratehiya, kagamitang panturo, pakikisangkot ng mga mag-aaral, at iba pa. maaaring tala rin ang bahaging ito sa dapat maisagawa o maipagpatuloy sa susunod na pagtuturo.</td></tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>At iba pa</td><td></td><td></td></tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| **G. Pagninilay** | *Gabay sa Pagninilay:*<br>▪ ***<u>Prinsipyo sa pagtuturo</u>***<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?*<br>*Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br>▪ ***<u>Mag-aaral</u>***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?*<br>*Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br>▪ ***<u>Pagtanaw sa Inaasahan</u>***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br>*Ano ang maaari ko pang gawin sa susunod?* | Ang bahaging ito ay patnubay sa guro para sa pagninilay. Ang mga maitatala sa bahaging ito ay input para sa gawain sa LAC na maaaring maging sentro ang pagbabahagi ng mga magagandang gawain, pagtalakay sa mga naging isyu at problema sa pagtuturo, at ang inaasahang mga hamon. Ang mga gabay na tanong ay maaring mailagay sa bahaging ito. |